- JANUARY — Makugihon
- FEBRUARY — Mahigugmaon
- MARCH — Matinabangon
- APRIL — Matinahuron
- MAY — Mahapsay og Malimpyo
- JUNE — Maabtik og Musunod sa Hustong Oras
- JULY — Maantigo og Maabilidad
- AUGUST — Maginhunahunaon para sa Uban
- SEPTEMBER — Madaginoton
- OCTOBER — Matinud-anon
- NOVEMBER — Masaligan
- DECEMBER — Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# MUSIC

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Tatlong Elemento ng Musika



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Sa alin mang awitin, mas mainam na may bahaging naghahanda o introduction sa tagapakinig. Ito ay maaaring isang maikling himig o tugtuging instrumental na tinutugtog bago magsimula ang awitin. Bukod sa napagaganda nito ang awitin, nagbibigay ito ng tamang tono o pitch sa isang mang-aawit. Sa katapusan naman ng awitin o tugtugin, may mga karagdagang ideya ang komposisyon upang magkaroon ng isang magandang pagtatapos ang isang awitin o tugtugin at tinatawag itong coda. Kung ang tula ay binubuo ng mga taludtod, ang musika ay may mga musical phrase na magkakaugnay at nakabubuo ng isang musical idea. Ganunpaman, ang pagsasama-sama ng mga note at rest ay humahantong sa pagbubuo ng mga melodic at mga rhythmic phrase na siyang nagiging mahalagang bahagi ng isang likhang pangmusika.
Sa modyul na ito, inaasahan na makakamit moa ng mga sumusunod na layunin:

1. Matukoy ang introduction at coda ng isang awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagtingin. MU4FO-IIIa-1
2. Matukoy ang antecedent phrase at consequent phrase sa isang musical idea sa pamamagitan ng pakikinig at pagtingin. MU4FO-IIIa-2
3. Makilala ang magkahawig at di-makatulad na musical phrases sa vocal at instrumental music. MU4FO-IIId-5a
4. Makagawa ng magkahawig at di-makatulad na phrases sa musika. MU4FO-IIId-5b

   Halina't masigla natin sisimulan ang module na ito.



# Subukin

Ang pagsubok na ay inihanda upang malaman ang inyong kaalaman tungkol sa modyul na ito. Halina't subukan natin!

**Panuto:** Isulat ang malaking titik **T** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at **M** kung mali.

_____1. Ang form ay ang istruktura ng musika.

_____2. Ang isang awit o tugtugin ay binubuo ng mga musical phrase na may kani-kaniyang natatanging daloy ng himig.

_____3. Ang coda ay inaawit bilang paghahanda upang maibigay ng tamang tono.

_____4.Ang antecedent phrase at consequent phrase ay dalawang parirala na bumubuo sa isang musical idea.

_____5. Ang pariralang magkakahawig ay binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit sa mas mababa o mas mataas na tono.



# Balikan

Mga bata, Muli nating babalikan ang inyong kaalaman sa nakaraang aralin.Handa na ba kayo? Tara na mga bata!

**Panuto:** Lapatan ng simpleng melody ang mga parirala,ayon sa angkop na pagpapantig ng mga salita sa isang rhythmic pattern nang may wastong tono.

| |
|---|
| Ako ay nagtanim,ang nagbayo,at nagsaing,<br>Ngunit ng maluto ay iba ang kumain |

**Sukatin ang sarili ayon sa ginawang Gawain.**

| **Pamantayan** | **Pinakama husay 3** | **Mas Mahusay 2** | **Mahus ay 1** |
|---|---|---|---|
| **1.Nakasusunod sa alituntunin kung paano ang paglikha ng melody.** | | | |
| **2. Nakapagbabahagi ng kaalaman sa musika sa pamamagitan ng pag-awit.** | | | |
| **3.Naiaawit nang may wastong tono ang likhang melody.** | | | |
| **4.Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa musika.** | | | |

| **Aralin 1** | Tatlong Elemento ng Musica |
|---|---|



# Tuklasin

Mga bata, Handa na ba kayo para sa ating bagong aralin? Halina't tayo'y maglakbay sa larangan ng musika! Alam ba ninyo na may tatlong elemento ang musika? Tatalakayan natin ngayon ang isa sa mga elemento.

Ang *form* ay ang istruktura ng musika. Ito ay tumutukoy sa kayarian ng isang komposisyon batay sa kaayusan at pagkabuo ng mga musical phrase. Upang malaman natin ang kahalagahan ng form sa isang awitin, halina't pakinggan natin ang awiting pakikinig gamit link na nasa ibaba.




https://youtube/YunCQDe-oe8

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong:

1. Habang inaawit ang kantang “Ohoy Alibangbang”, Ano ang napansin ninyo?
2. Paano inumpisahan ang awit?
3. Magkapareho ba ang phrase sa umpisa ng awit at ang nasa hulihan ng awit?
4. Mayroon bang inawit na pauli-ulit ang phrase?
5. Mayroon ding bang himig na magkapareho? Magkaiba?



# Suriin

Upang lubos ang kaalaman tungkol sa elemento ng musika, ito ay laging tatandaan.

Sa alin mang awitin, mas mainam na may bahaging naghahanda o introduction sa tagapakinig. Nagbibigay ito ng tamang tono o *pitch* sa isang mang-aawit.Sa katapusan naman ng awitin o tugtugin,may mga karagdagang ideya ang kompositor upang magkaroon ng isang magandang pagtatapos ang awitin o tugtugin at tinatawag itong *coda.*

Ang *antecedent phrase* at *consequent phrase* ay magkakaugnay. Kadalasan ang *antecedent phrase* ay may papataas na himig at ang *consequent phrase* naman ay may papababang himig.

*Melodic phrase* ang tawag ng pangkat ng mga tono o himig na bahagi ng isang awit.

*Rhythmic phrase* ang tawag ng pangkat ng mga note at rest batay sa palakumpasan sa isang bahagi ng awit o komposisyon.

Pariralang magkahawig kung ito’y binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng melodic phrase at rhythmis phrase. Pariralang di-magkatulad kung ito’y binubuo ng magkaibang melodic o rhythmic phrase.

**Panuto:** Awitin ang kantang “Paru-parong Bukid” pagkatapos bilugan ang introduction at ikahon ang *Coda* sa awitin.




https://youtube/ajrove_oxdl



# Pagyamanin

Ang gawain na ito ay sukatan ng inyong kaalaman sa aralin natin ngayon. Halina mga bata, susubukan natin ito!

**Panuto:** Awitin ang kantang "Ugoy ng Duyan" .Suriing mabuti ang bawat phrase ng awitin. Tukuyin ang antecedent at consequent phrases. Bilugan ang Antecedent phrase at ikahon ang consequent phrase.

"Ugoy ng Duyan"




https://youtube/j6keYpOVWR8



# Isaisip

Ngayon ay alam niyo na ang tungkol sa dalawang uri ng phrases sa awitin. Susukatin naman natin ngayon ang inyong malikhaing kaisipan tungkol sa aralin.

**Panuto**: Buuin natin ang talata. Punan ng tamang salita sa patlang upang mabuo ang bawat pangungusap.

1.________ ang tawag ng pangkat ng mga tono o himig na bahagi ng isang awit.
2.______ ay pangkat ng mga note at rest batay sa palakumpasan sa isang bahagi ng awit o komposisyon.
3. Ang binubuo sa pamamagitan ng paulit-ulit na melodic at rhythmic phrase ay _____.
4. __________naman kung ito'y binubuo ng magkaibang melodic at rhythmic phrase.
5. Ang ________ at ______ ay naiiba sa mga anumang phrase o sumasalungat sa daloy ng himig.



# Isagawa

Mga bata, Alam ba ninyo ang kantang "Atin Cu Pung Singsing? Halina't umawit tayo!

Panuto: Isagawa ang sumusunod na gawain para sa awiting " Atin Cu Pung Singsing", ang awiting bayan ng Pampanga. Awitin at Tukuyin kung ang melodic phrase ay magkahawig o di magkatulad. Ipalakpak naman ang magkahawig at di-magkatulad na rhythmic phrase.

Sagutin ang rubric at lagyan tsek ang tamang kahon.




https://youtube/jb4Zfe_3rPy

| Kasanayan | Napakahusay 3 puntos | Mahusay 2 puntos | Di-gaanong mahusay 1Puntos |
|---|---|---|---|
| 1.Natutukoy at naaawit ang magkahawig na melodic phrase. | | | |
| 2. Natutukoy at naaawit ang di-magkatulad na melodic phrase. | | | |
| 3.Naipapalakpak nang maayos ang magkahawig na rhythmic phrase. | | | |
| 4.Naipapalakpak ng maayos ang di-magkatulad na rhythmic phrase. | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.

1. Ano ang kadalasang daloy ng himig ng consequent phrase?
   a. Inuulit b. pababa c. pataas d. hindi nagbabago
2. Saang bahagi ng musical score makikita ang coda?
   a. gitna b. simula c. katapusan d. simula at katapusan
3. Alin sa mga sumusunod na awitin ang may magkahawig na rhythmic phrase?
   a. Sitsiritsit
   b. Row,row,row your boat
   c. I have two hands
   d. Alphabet Song
4. Ito ang himig sa isang awit na nagsisilbing panapos o pangwakas.
   a. introduction b. phrase. c. melody d. coda

5. Paano mo matutukoy ang di-magkatulad na parirala sa isang awitin?

a. binubuo ng magkaibang rhythmic at melodic phrase.

b. may pag-uulit sa mas mababa o mas mataas na tono.

c. pangkat ng mga tono o himig.

d.pangkat ng mga note at rest.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magtala ng 5 paborito mong awitin. Awitin ito at tukuyin magkahawig na melodic at rhythmic phrases at ang di-magkatulad na melodic at rhythmic phrase.

**Sanggunian:**

Musika at Sining- Ikaapat na Baitang
Kagamitan ng mag-aaral, Unang Edisyon 2015

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: Luz P. Mancenido**
**Hangeline H. Dundain**
**Vicente T. Luega**
**Editor: Shiela V. Lamuna**
**Tagasuri: Datu Aldin M. Baraluddin, PSDS**
**Tagaguhit: Marilou SJ Balber**

**Tagalapat: Luz P. Mancenido**

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS-Isabela City
Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D., CESE
ASDS-Isabela City
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Jani P. Ismael, EPS-MAPEH, Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our…
Eden...
Land...

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | |
|---|---|
| 1. T | 4. T |
| 2. T | 5. T |
| 3. M | |

**Balikan**

| | |
|---|---|
| 1. batay sa | 3. sariling |
| 2. rubriks | 4. pang-unawa |

**Suriin**

| | |
|---|---|
| 1. bilugan | 3. ng awitin |
| 2. ang linyang inumpisahan | 4. Ikahon ang panapos na linya |

**Pagyamanin**

1. Markang/sa una at ikatlong linya
2. Marking X
3. Sa pangalawan
4. At pangapat na linya

**Isaisip**

1. Melodic phrase
2. Rhythmic phrase
3. Magkahawig na parirala
4. Di-magkatulad na parirala
5. Himig/rhythm

**Isagawa**

-sariling pangunawa

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1. b | 4. d |
| 2. c | 5. a |
| 3. b | |